

1

Napasubsob sa sofa si Comet at napahagulgol. Muli siyang kumuha ng tissue paper at suminga roon. Yumakap siya sa kanyang mga binti at humihikbing itinutok ang mga mata sa TV screen. She was watching *The Maid and I*.

Romantic comedy movie iyon na pinagbibidahan ng kanyang pinakamamahal na si Raisen Philipps— isang sikat na artista at rockstar. Inako na niya ang papel bilang number one fan nito five years ago, when he debuted as a singer-actor. All his movies and series embodied his singing prowess.

She never missed a single drama project of his. Pinapatulan niya lahat ng gigs, television appearances, kahit na matitipid na tweets galing dito. She would always stare at his picture before going to sleep. That was how much she loved her ‘Prince Raisen’ as she’d dubbed him.

“Hay, Prince Raisen, kailan kaya kita makikita at makakasama for real?” aniya habang matamang nakatitig sa guwapong mukha nito. Kinuha niya ang unan—ipinasadya pa niya ang pagkaka-print ng nakangiting mukha nito roon—at niyakap iyon. Lagi

siyang bumibili ng mga souvenirs tuwing anniversary nito sa showbiz. She got the pillow last year.

“Comet! Hindi ba’t pupunta ka kay Mrs. Jang ngayon?” narinig niyang sigaw ni Gin, kaibigan at katrabaho niya.

Kinuha niya ang remote control at pinindot ang pause button doon. Kumuha siya ng tissue at inayos ang pagkakapunas ng nabasa niyang mga pisngi bago tinungo ang pinto at binuksan iyon. Bumalik siya sa sala kasunod ang lalaking anti-Raisen.

Pabagsak siyang bumalik sa pagkakaupo sa kanyang maliit na sofa. “Isang oras pa,” she sniffed.

“Sabi na nga ba’t si Raisen na naman ang dahilan kung bakit ang tagal mo.” Nakaismid na umupo ito sa tabi niya.

Gin was her best friend. For five years, the guy had been her crying shoulder, her kainuman, kaasaran and kakulitan. Maaga siyang naulila kaya ito na ang itinuturing niyang pamilya. A sad smile formed on her lips. She needed to move on. Dapat na niyang kalimutan ang nakaraan niya. She shook her head.

“Sino pa ba sa tingin mo?”

“Bahala kang maadik diyan sa prinsipeng mong

hilaw.” Tumayo ito at lumapit sa maliit na mesang ginagamit niya sa pagdidisenyo ng mga damit na—

“Puro Raisen!” reklamo nito.

“Bakit ba ang bitter mo kay Raisen ko?” ingos niya.

“Raisen mo?” sarkastikong gagad nito.

“Alam mo ikaw, kung wala kang magandang sasabihin kay Raisen ko, puwede ba, huwag ka na lang magsalita?” Pinatay niya ang TV at tumayo. Matalim ang tinging ipinukol niya sa kaibigan na abalang binibistahan ang ginawa niyang disenyo.

“Ginigising lang kita sa katotohanan, babaeng galing sa kalawakan. Sayang ang ganda mo, may mga manliligaw ka naman pero puro ka Raisen. Ewan ko ba sa 'yo.”

“Ewan ko din sa 'yo! Akin na nga iyan! ” Nakasimangot na inagaw niya ang kanyang sketchpad mula rito.

“Magbihis ka na't sabay na tayong pumunta kay Mrs. Jang. Pabukas ng TV mong kulay pula, ha? Panood ako.”

“Bahala ka sa buhay mo,” padabog niyang sagot bago tumalikod.

Kung ang trabaho niya ay pagdidisenyo ng mga damit, si Gin naman ang nag-aangkat ng mga damit na gawa sa factory ni Mrs. Jang para ibenta iyon sa isang mall sa Taguig.

“Comet! Halika dali!” sigaw nito mula sa sala.

“Ano ba! Kapapasok ko pa lang sa kuwarto. Nagpapalit pa lang ako,” angal niya.

“Bilis! Tingnan mo kung ano’ng meron sa TV, dali!”

“Si Raisen ko ba?” Nagmamadaling iniangat niya ang zipper ng kanyang denim pants, ibinutones iyon, at tumakbo patungong sala. Nanlaki ang mata niya nang makita ang guwapong mukha ni Raisen sa TV. Napatili siya sa sobrang kilig nang magsalita ito at sabihing, “Would you be my date?”

“Kinilig na naman ang reyna ng pantasya,” disgusted na komento ni Gin bagaman napapangiti ito.

“Tumigil ka!” Tinakpan niya ang bibig nito at taimtim na tumutok sa patalastas ni Raisen. Natutop niya ang bibig nang matapos iyon. Nanginginig na hinawakan niya sa magkabilang balikat si Gin at saka tumili. “This is it!”

Napapikit si Comet nang magsimulang magsalita si Micky De Leon, ang host ng noontime TV show na *Hit Balooza*. Sa naturang show ia-announce ang masuwerteng winner ng *Ultimate Date with Raisen Philipps*—isang promotional contest na sinalihan niya. Natatawang binatukan siya ni Gin. Paano na lang kung na-miss niya ang episode na ito?

“Aray naman!” reklamo niya.

“Masasaktan ka talaga. Tama bang umasa ka na ikaw ang mananalo? Iisang entry lang ang inihulog mo. Napakaimposible kung ikaw ang mananalo. Huwag ka nang umasa.”

“Kapag hindi ako nanalo, papatayin kita mamaya. Isa pa, wala iyan sa entry, nasa suwerte iyan,” nakangiting gigil niya.

Pero ang totoo, kinakabahan siya. Tama ito, her chance of winning the game was very slim. Idinaan niya lang ang lahat sa dasal. Paano, hindi siya mayaman para makabili ng maraming produkto ng mamahaling clothing company na *The Prince*. Inutang pa nga niya sa manliligaw niyang Bumbay ang perang pambili ng dress na para sa entry niya.

“Before we declare the winner of *The Prince’s Ultimate Date*, we’d like to ask Mr. Raisen Philipps to

join us here on stage.”

Masigabong palakpakan ang narinig pagtapak na pagtapak ng tinawag sa entablado.

“Grabe! Ang guwapo niya!” tili niya.

Pero hindi pa rin sinabi ang winner. Inanyayahan muna ang banda nitong *The Black Bats* upang kantahin ang bagong single na *Journey To Your Heart*. Si Raisen mismo ang nagko-compose ng mga kanta ng naturang banda. Isa pa iyon sa mga talento nito.

Nahigit niya ang hininga nang i-focus ang camera sa mukha nito. With his arrogant look and piercing eyes, her heart ran wild. Napahawak siya sa dibdib nang magsimula itong kumanta. His long and soft-looking fingers grabbed the *Fender Stratocaster Guitar* and started strumming. Kasabay ng magandang boses nito ay ang banayad na pagkaskas nito sa strings ng dala nitong gitara.

How she loved it whenever he sang. Ang kulot at hanggang balik na buhok nito ay nakadagdag sa aura nitong nag-uumapaw sa gitna ng malawak na stage na iyon. His brown hair framed his beautiful face, screaming soulful splendor. He literally owned the stage.

Nagtayuan ang mga audience at sumabay rito sa

pagkanta. They were all singing his song in a wild and loud voice. Itinaas pa ng mga fans ang kani-kanilang mga kamay at iwinagayway iyon habang sinasabayan ito sa pag-awit. Nang matapos itong kumanta ay pangalan naman nito ang sunod na isinigaw ng mga tao.

“Puro Raisen! Hindi ba sila nagsasawa na isigaw ang pangalan niya?” iritableng tuya ni Gin. Dati itong vocalist sa isang banda. He was very popular in the old days too. Kung hindi siguro ito naaksidente at pinagbawalan ng doctor na tumugtog ng gitara, marahil ay isa na rin itong sikat na rakista.

“Shut up,” tila naengkantong saway niya.

“Thank you,” nakangiting saad ni Raisen.

Lalong naghiyawan ang mga babaeng fans nang humarap ito sa camera, itinaas ang kamay upang kumaway at saka ngumiti. Parang iisang taong tumigil ang mga fans sa pagsigaw sa pangalan nito nang ikaway ng lalaki ang kamay nito.

“At this point, I would like to thank everyone who participated in this contest. We’re really overwhelmed by the number of entries we received. Maraming salamat po,” anito.

“I love you, Raisen!” sigaw ng mga fans.

“I love you,too,” nakangiting sagot nito.

Napaismid siya. “I love you too ka diyan. Dapat ako lang ang mahal mo,” bubulong-bulong na reklamo niya.

“And the winner is...”

Napapikit siya nang makarinig ng isang mahaba at nakakakabang drum roll. Biglang nanahimik ang paligid. Pigil ang hiningang hinintay niya ang kasunod niyon.

“And the winner is...” nang-aasar na ulit ni Micky De Leon.

Dumiin ang pagkakapikit ng kanyang mga mata. Napahawak siya sa kanyang dibdib at taimtim na nanalangin.

Please let me win, Lord.

“Comet Gonzales!”

Mabilis siyang napamulat. Ang hindi makapaniwalang mukha ni Gin ang nagbigay-patotoo sa narinig niya. Ibinalik niya ang tingin sa TV.

Dalawang beses pang inulit ni Micky De Leon ang pangalan niya.

“G-Gin...” usal niya.

Nanginginig si Comet nang huminto sa harap ng *El Paraiso Hotel* ang limousine na sinasakyan niya. It was part of her date with Raisen. *The Prince* was one of Raisen's major sponsors. Hindi niya maipaliwanag ang sobrang kasiyahan niya nang mga sandaling iyon.

She was taken to the best salon for her makeup and hair, to the best hotel while she prepared and waited for her date, to the best fashion boutique for her dress. It was magical. Everything seemed surreal. Hanggang nang mga sandaling iyon ay hindi pa rin siya makapaniwala sa mga pangyayari.

“Are you ready, Princess Comet?” Nakangiting yumukod ang chauffeur at inilahad ang palad sa kanya matapos buksan ang pinto ng limousine.

Napangiti siya. Indeed, she felt like a real princess. Minus the camera all over her, that day would have been the best of her life.

Ni hindi niya nakilala ang sarili kanina. What they did to her was like magic. Napalunok siya nang mapagmasdan ang venue ng date nila ni Raisen. Nahigit niya ang hininga nang i-focus sa camera ang mukha ni Raisen na nag-reflect sa monitor na nasa labas lang.

Just the sight of him and her heart would go crazy.

Napatuwid siya ng tayo nang magsimula itong kumanta. Kagaya ng dati, nasa likod nito ang mga kabanda. May lead guitarist, isang bass guitarist at isang drummer—apat kasama si Raisen na vocalist at rhythm guitarist ng banda.

His lengthy fingers started strumming a tune. Mayamaya ay umalingawngaw sa paligid ang malamyos na boses nito. Ang malamig at nakakaengkantong boses nito ay nagdala sa kanya ng kakaibang pakiramdam. It was as if Raisen sang that song especially for her. It felt magical.

Kahit kailan ay hindi siya magsasawang panoorin ito habang kumakanta. Para kasing bawat himig galing dito ay punung-puno ng emosyon. Dramatikong nililipad ng hangin ang kulot nitong buhok. Sa bawat pagpikit nito, tila nadarama niya kung gaano kainit ang bawat salitang namumutawi sa mga labi nito.

Para sa kanya, ito ang nakatulong para makabawi siya mula sa pagkakalugmok five years ago, when her brother passed away because of an unfortunate accident. Akala niya noon ay hindi na siya makakabangon pa. But when she saw him on TV, pakiramdam niya ay nabuhay ulit ang puso niya.

Yes, it was love at first sight.

Nakakatawa pero iyon ang nangyari sa kanya. She loved him at first glance, she found hope in him. Sa tuwing naaalala niya ang araw na nakita niya ito sa TV ay napapangiti siya. She was crying, all alone in her apartment, when she saw him singing on television. *My Only Star* ang title ng kinakanta nito.

Comet was her brother's star. She was the center of her Kuya Meteor's universe.

Pakiramdam niya tuloy ay kuya niya ang kumakanta ng *My Only Star* noon, just for her.

“Raisen! Raisen! Raisen!”

Nagulat siyang malaman na napakarami palang tao sa labas ng hotel. So, their date would be witnessed by his fans, huh? She felt proud knowing that at this very moment, she wasn't just one of his obsessed fans shouting for his attention from afar. Sa gabing iyon, siya ang makakasama nito.

“Thank you,” nakangiting sabi ni Raisen.

Lalong naghiyawan ang mga babaeng fans nang humarap ito sa camera, itinaas ang kamay upang kumaway at ngumiti muli.

“Raisen! Raisen! Raisen!”

Kumindat ang aktor bilang pasasalamat sa mga fans. Lalong naghiwayan ang mga iyon. Iyong iba ay nagtatalon na para bang nasobrahan sa kilig.

Kinikilig na napangiti siya.

“Thank you for coming. Please support our sixth album. Maraming salamat. Mahal ko kayo.”

Halos mabingi siya sa sigawan ng mga fans dahil sa huling sinabi nito.

“I love you, Raisen!”

Matamis na ngumiti ang binata. “But of course, this night is for someone who deserves to be my princess. Please meet my ultimate date, Miss Comet Gonzales.” He waved at her.

Narinig niya ang hiyawan at protesta ng mga tao. Wala siyang pakialam. What he said was the best thing she’d ever heard in her entire life. Walang puknat ang pagngiti niya nang mga sandaling iyon. Tumingin sa kanya si Raisen at ngumiti. Kinikilig na napahawak siya sa kanyang mala-*Dora* na bangs.

Halos himatayin siya sa sobra-sobrang kilig nang makitang naglakad ito palapit sa kanya. Napapikit siya. And when she finally opened her eyes, he was magnificently standing right in front of her. Nakasuot

ito ng isang mamahaling white suit na lalong nagpalutang sa kaguwapuhan nito. She was used to seeing him in his eccentric rakista outfit.

Tonight, he looked different—in an extremely good way.

His long and curly brown hair was tied up. May mangilan-ngilang nahuhulog na hibla ng buhok sa makinis nitong mukha na nagbigay rito ng rugged look. His bangs were perfectly cut. It looked cute on him. His was the most beautiful face on earth.

Mas maganda pa yata ito sa mga naging leading ladies nito. Napailing siya sa naisip. Mas maganda pa rin siya rito. “Good evening, Princess,” magalang na bati nito.

Yumuko ito at iniabot ang kamay sa kanya. Namamalikmatang napakurap siya.

Is this really happening? paulit-ulit na sigaw ng isip niya habang tinititigan ang nakalahad na kamay nito.

She extended her right hand. Sa sandaling naglapat ang mga palad nila, nakaramdam siya ng kakaibang sensasyon na noon niya lang nadama. It was as if she touched fire. Napatitig siya sa pormal na mukha nito. Nakita niya ang kakaibang tingin nito

sa kanya.

Isang matamis na ngiti ang iginawad nito sa camera bago siya inalalayan patungo sa nakahandang mesa sa gitna ng isang napakaganda at napakalawak na hardin. The flowers were terrific!

“Have a seat.”

“T-thank you.” Nginitian niya ito bago naupo. Nagdala siya ng camera at notebook na parehong nasa bag na bitbit niya. Magpapa-picture at magpapa-autograph siya mamaya. “A-alam mo, hindi talaga ako makapaniwala na kasama kita ngayon,” naiilang na pag-amin niya.

Nahihiya siyang tumingin dito. Pakiramdam niya kasi ay pulang-pula ang mukha niya.

“Ang ganda ng bagong single n’yo,” patuloy niya nang tahimik lang itong nakatingin sa kanya.

“Really? Did you like it?” Napangiti ito.

“Oo naman! Kumpleto ako ng lahat ng albums ninyo. Sa ngayon, favorite kong kanta ang bago n’yong single.”

“Thank you. Mabuti’t nagustuhan mo.” Kumunot ang noo nito. “Hey, why are you smiling?”

“Ang cute mo kasing mag-Tagalog. I love your accent. Magaling ka ring makaintindi ng Tagalog.”

“Flattery,” biro nito.

“H-hindi ako marunong mambola, ano!”

“Talaga?” Kiming napatango siya bilang pagsagot. Itinuon niya ang pansin sa steak na nakahain sa harap nila. “Relax, then. Masarap itong steak nila dito. Try it.”

Tahimik silang kumain. Panaka-naka ay nagkukuwentuhan at nagsusulyapan sila. Masaya na siya sa date nilang iyon. Makasama lang ito ay okay na sa kanya, ang makakuwentuhan pa kaya?

“Malapit na palang matapos ang date natin.”

Napaangat siya ng tingin sa sinabi nitong iyon at napasulyap sa suot niyang relo. Tama, hanggang alas nueve lang ng gabi ang date nila. Hindi niya napigilan ang malungkot.

“Oo nga. Ang bilis ng oras.”

Natigilan siya nang mapansing nakatitig ito sa kanya. He was staring at her as if he wanted to memorize her face. Nanginginig ang kamay na napahawak siya sa kanyang bangs.

“M-may dumi ba sa mukha ko?”

“Since when did you become this pretty?”
Nakangiting tumayo na ito bago pa man siya
makasagot. “Shall I lead you to the car?” yakag nito.

Noon lang niya naisip na tapos na pala ang date
nila. Wala siyang nagawa kundi ang tumango.

It's over. Bukas, wala nang Raisen Philipps sa
harap niya.

2

Saglit siyang nagpaalam sa staff at crew ng *The Ultimate Date* na kung maaari ay puntahan niya sandali si Raisen para magpa-picture at magpa-autograph dito. Nakalimutan kasi niya sa sobrang kaba at excitement kanina. Thankfully, pumayag ang mga ito sa hiling niya.

Natigilan siya nang makarinig ng boses malapit sa hardin kung saan sila nag-dinner ng rakista. Nacurious siya at lumapit sa dakong pinanggagalingan niyon upang sumilip. Mabilis siyang nagkubli sa isang puno nang tuluyang maaninag ang kanyang pakay.

Tama ang hinala niya. It was Raisen's voice. Hindi niya maaaring maipagkamali ang boses na iyon. After all, she had been his avid fan for five years. Walang araw o gabi na hindi niya pinapakinggan ang mga kanta nito.

Napasimangot siya nang makitang may kasama itong isang napakagandang babae. Agad niyang natutop ang bibig nang mapagsino ang kasama nito. It was Aviona Del Rio—the country's most sought after actress and model. Ang babaeng naging dahilan ng muntikang pagbagsak ng career ni Raisen two

years ago. She worriedly bit her nails.

Ano kaya ang pinag-uusapan ng mga ito? She knew it was their business. Wala siyang pakialam. Sinimulan na niyang maglakad palayo, upang matigilan lamang nang marinig ang sinabi ni Aviona.

“Come back to me, Raisen.”

Ganoon na lamang ang tindi ng inis na naramdaman niya nang marinig ang sinabi nitong iyon. Napilitan siyang bumalik sa pinagtataguang puno.

Kalanding babae!

“No, Aviona.”

“I still love you.”

“Too bad, I just don’t believe you anymore.”

“Pinagsisisihan ko na ang ginawa ko.”

“You really should regret it. You killed your own baby.”

Napasinghap siya sa narinig. *Baby?* Ibig sabihin, totoo ang mga sinabi ni Aviona dati? Kung ganoon, si Raisen ang nagsinungaling? Hindi siya makapaniwala sa narinig.

In the middle of that classic garden, Raisen and Aviona stood there and stared squarely at each other. Muntik na siyang matumba sa kinatatayuan nang makita kung ano ang sumunod na nangyari. Kasunod ng pagpatak ng luha ni Aviona ay ang mabilis na pagdapo ng kamay nito sa makinis na mukha ni Raisen.

“I hate you, Raisen!”

“I should be the one saying that,” he muttered in a very icy tone.

Sa buong buhay ni Comet, noon lang siya nakarinig ng ganoong klase ng tono—nakakapanginig, nakakapanghina dahil napakalamig. Ibang Raisen ang nakikita niya nang mga sandaling iyon. He wasn't wearing his usual touch-me-not aura; an icier and more dangerous man was there instead.

“Y-you can't do this to me. I love you.”

“I don't care.” Raisen shrugged bago nagsimulang maglakad palayo. Ni hindi ito nag-abalang lumingon sa sunud-sunod na pagtawag ni Aviona. He looked dangerous and unfeeling as he walked away.

“It can't end like this, Raisen! Babalikan mo ako!” sigaw ng babae bago ito tumakbo palayo.

Umiling lang ang lalaki, di na nag-abalang lumingon pa bago nagpatuloy sa paglalakad. Nahigit niya ang hininga nang bigla itong huminto.

Napansin siya nitong nagtatago! Anger flickered in his coal-dark eyes. At talagang nanginig ang mga tuhod niya. Napalunok siya.

Galit na hinablot nito ang kamay niya at saka siya hinila palapit. Sa gulat ay napasubsob siya sa malapad nitong dibdib at napapikit. Nagtatakang napamulat siya nang maramdaman ang mainit nitong hininga na tumatama sa kanyang namumulang pisngi.

“What the hell are you doing here?” Dumagundong ang mapanganib nitong boses. Sinubukan niyang hilahin ang kamay palayo rito ngunit hindi siya nito pinakawalan.

“M-may naiwan kasi ako, kaya ako bumalik,” sagot niya. “H-hindi ko sinasadya na makinig sa usapan ninyo.”

“Ano’ng narinig mo?”

“Hindi ko—”

“Ano sabi ang narinig mo?”

“L-lahat? Hindi ko nga sinasadyang makinig.”

“Walang puwedeng makaalam ng narinig mo.”

“H-huwag kang mag-alala, hindi ako tsismosa.”

“You have to promise me that none of the things you heard a while ago will leak out, especially to the press people. Kung hindi, hihilahin ko iyang dila mo.”

“Hindi ka ba nakakaintindi? Sinabi ko nang hindi ko ipagkakalat ang narinig ko. Bakit ka ba nagkakaganito?” Nagsisimula na siyang mainis. Nasaan na ang sweet at malambing na Raisen na kausap niya kanina lang?

“Are you spying on me? Kaya ka ba bumalik ay dahil alam mong darating si Aviona?”

“A-ano? Of course not!”

“Talaga? Bakit ka nandito?”

“Kasi...” Natigilan siya. Sasabihin ba niyang bumalik siya upang magpa-picture at magpa-autograph dito? Bigla siyang tinamaan ng hiya. Napayuko siya.

“Bakit hindi ka makasagot?”

“N-nagpunta lang naman ako dito para kumuha ng picture mo at—”

“I knew it! Where’s your camera? Ito ba iyon?”

Napasigaw siya nang bigla nitong hinablot iyon at ibinato sa sahig. Wasak na bumagsak iyon sa lupa.

“B-bakit mo ginawa iyon?” Naiiyak na pinulot niya ang gadget. “Akala ko mabait ka. Bakit mo sinira ang camera ko?”

“May kasama ka ba? Nasaan sila? Don’t you dare tell the media about this.”

“Ang sama mo! Wala akong kasama! Sana sinabi mo na lang na ayaw mo palang magpakuha ng picture sa akin. Hindi mo naman kailangang sirain itong camera ko, ah.”

“Umaarte ka pa ngayon. You can’t fool me.”

“Ano ba’ng sinasabi mo?”

“You’re here to spy on me. Sino ang nag-utos sa ’yo?”

“H-hindi ko alam ang sinasabi mo.” Nakaramdam siya ng takot nang makita ang galit sa mga mata nito.

“Sino sabi ang nag-utos sa ’yo?” Pahablot na hinuli nito ang kamay niya at pilit siyang itinayo. “Tell me!”

“H-hindi ko alam—”

“Darn it! Hindi ka ba talaga aamin?”

“Wala akong dapat aminin!”

“How much did they pay you to spy on me?”

“Ang kulit mo. Sinabi ko nang hindi ako spy!”

“Walang dapat makaalam ng tungkol sa narinig mo. Hindi ka puwedeng magsalita. Hindi puwede!”

Napipikong tinitigan na lamang niya ang galit na galit na mukha nito. He just wouldn't listen to her. Sarado ang utak nito. Napatingin siya sa wasak niyang camera at sa kamay nitong mahigpit na nakahawak sa kamay niya. She wanted to bang his head onto the nearest wall. Parang gusto niyang dukutin ang eyeballs nito at tadtarin iyon nang pino.

“B-bakit ko gagawin iyon? Kapag sinabi ko sa kanila ang mga narinig ko, tiyak na pagpipiyestahan ako ng mga tao dahil siguradong malaking scoop iyon.” Napangisi siya nang makita ang pagtatagis ng bagang nito. “Hmm, why not? Sisikat ako for sure. Madaming magkakandarapa sa mga designs ko kapag nagkataon.”

“You witch!” he growled.

“Kaya bitawan mo na ako. Promise, hindi kita ibubuko. Hindi ko sasabihin sa press na totoo palang nabuntis mo si Aviona at totoong namatay ang baby

ninyo.”

“Wala kang pagsasabihan niyan, do you hear?”

“Kapag hindi mo ako binitawan, kakagatin kita,” sa halip ay sagot niya.

Lalong humigpit ang hawak nito sa braso niya. Inis na tinampal niya ang kamay nito. Ngunit hindi man lang ito natinag sa ginawa niya. Lalo tuloy siyang nainis.

“You leave me no choice, Raisen Philipps.” Mabilis niyang kinagat ang kamay nito. Kasunod ng pagsigaw nito, nagulat na lang siya nang maramdamang natumba na sila sa damuhan. Raisen was on top of her. Hinihingal na napatitig siya sa mukha ng lalaking isinumpa niyang hindi na niya idolo three minutes ago.

“Magbabayad ka! Ilalabas ko sa press itong ginawa mo.”

“I’ll kill you,” he muttered.

“Death threat? Hindi lang ang sikreto ninyo ni Aviona ang isisiwalat ko, pati na ’yang death threat mo sa akin.”

“Subukan mo lang,” banta nito.

“Beast! Let me go!” Nagpumiglas siya.

Napapikit siya nang umangat ang kamay nito. Kusang humarang ang mga kamay niya sa kanyang mukha sa pag-aakalang sasaktan siya nito. Nasa ganoong ayos sila nang biglang may sunud-sunod na pag-flash ng camera. They both froze and gasped.

Marahas silang napalingon sa pinanggalingan ng liwanag.

“May reporter!” Raisen growled. Saglit na naestatwa ang binata bago tuluyang tumayo mula sa pagkakadagan sa kanya.

“Gotcha, Mr. Philipps!” nakangising tuya ng reporter.

Kilala niya ang bagitong journalist—si Lyndon Javier. Nasa late twenties ang edad nito at kumikita dahil sa mga blind items na sinusulat. Kilala lang niya ito dahil parang sinusundan nito ang career ni Raisen at binabantayan niya dahil pawang negatibo at walang katotohanan ang ibinabalita nito sa magazines at tabloid na natitiyempuhan niya.

“Damn!” narinig niyang mura ni Raisen. “Give me your camera,” utos nito kay Lyndon.

Nakakalokong umiling lang ang lalaki. “Bakit

ko ibibigay sa 'yo ito? Puwede akong sumikat dito.” Nakangising iniangat pa nito ang hawak na camera.

May bumangong hinala sa dibdib ni Comet. Base sa sinabi ng reporter, mukhang pati ang naging pag-uusap ni Raisen at ni Aviona ay nakuhanan nito ng litrato kung di man video clip. Wala na siyang paki roon.

Bahala ang Raisen na ito sa buhay nito.

Pero kinuhanan din sila nito ng larawan kani-kanina lang—habang magkapatong sila ni Raisen sa damuhan. Madadamay pa siya sa kontrobersya kapag nagkataon!

“Of course, damay ka.” Tila nabasa ni Lyndon ang iniisip niya at sinagot iyon.

Napalunok siya. Marahan siyang tumayo at hinarap ang reporter. Ubod ng tamis ang ngiting ibinuhos niya rito.

“Bakit mo naman ako idadamay?” pa-sweet niyang tanong.

“Kasi maganda ang kuha ninyo sa camera ko.”

“You bastard!” Akmang susugurin ni Raisen ang lalaki.

Itinaas niya ang kamay sa gawi nito at pumagitna sa dalawa.

“Talaga? Maganda?” baling niya ulit sa reporter.

“Siyempre, ako yata ang kumuha.”

“Pero may alam akong mas maganda.”

“Ano naman iyon?” interesadong usisa nito.

Dahan-dahan siyang lumapit kay Lyndon. Napaatras ito na tila walang tiwala sa maaari niyang gawin.

Marahan siyang natawa. “Easy, I’m on your side.”

“What?” halos magkapanabay na tanong ng dalawang lalaki.

“May atraso si Raisen sa ’kin, so I’ll help you.”

“Kakuntsaba mo nga siya!” akusa ni Raisen. Galit na hinawakan siya nito sa kamay at pilit siyang inihaharap. Muli, nasilaw sila sa sunud-sunod na pag-flash ng camera.

“Ang ganda talaga ng kuha ninyo. Ano kaya ang front page bukas? Raisen hits Ultimate Date Comet Gonzales?”

Hinarap niya si Lyndon. “Kung hindi mo ako

idadawit sa kalokohang 'yan, malamang na tulungan pa kita sa balak mo.”

“How dare you!” agaw ni Raisen.

“Sorry, Miss. I can't do that. Sayang 'yung kuha ninyo. Mas maganda pa kesa sa mga kuha nila ni Aviona,” nang-aasar na hirit ni Lyndon.

“Hindi na ba magbabago ang isip mo?”

“Nope.” Kumpiyansang humalukipkip pa ito. Nakaguwardya sa camera nito ang mga bisig nitong halatang hitik sa muscles.

Mahihirapan siyang basta na lang agawin ang camera kung bigla niya na lang hahablutin iyon mula rito. She needed to think fast.

Hindi siya maaaring madawit sa gulo. Ayaw niya ng tsismis. At lalong ayaw niyang maging dahilan ng pagbagsak ni Raisen.

“Now what?” asik ni Raisen.

“Just stay out of my way.” Itinulak niya ito. Binitawan siya nito. Muling binalot ng flash ng camera ang kanilang mga katawan. Napapikit siya at bumilang hanggang tatlo. Kumukulo na talaga ang dugo niya sa reporter.

“Akin na iyan,” tukoy niya sa camera nang makalapit dito.

“Go away, fan girl,” taboy ni Lyndon.

Mabilis niyang hinuli ang kamay nitong mahigpit na nakahawak sa camera nito. As expected, mas malakas ito sa kanya kaya balewala rito ang pagpupumilit niyang makuha ang camera.

“Are you kidding me? Hindi ako basta-basta matatalo ng isang babae,” halakhak nito.

“Talaga?” Hindi na niya hinintay ang sagot nito, mabilis na niyang tinuhod ang ‘the zone’ nito. Impit itong napaigik pero hindi pa rin nito nabitawan ang camera na inaagaw niya. Sumunod na umatake ang kanyang matalas na mga ipin, buong lakas niyang kinagat ang mga kamay nito. Lyndon screamed in pain.

“Hindi mo man lang ba ako tutulungan?” baling niya sa nakangiwing si Raisen.

Tila nagising ito at napadako ang tingin sa camera na pinag-aagawan pa rin nila ng reporter. Mabilis na pumuwesto si Raisen sa likod ni Lyndon at nakiagaw na rin sa camera. Parang mga batang nagpambuno silang tatlo.

“Bitawan mo na!” sigaw niya.

“Magbabayad kayong dalawa pag nasira ang mga kuha ko!” banta ni Lyndon. “You’ll never have my cam—” Natigil ito sa pagsasalita nang walang anu-ano ay pinisil niya ang ilong nito. Napaubo ito at mariing napapikit.

Lumuwag ang pagkakahawak nito sa camera. Sinamantala nila ni Raisen ang pagkakataon at mabilis na hinablot ang camera mula kay Lyndon.

Nagulat siya nang biglang higitin ni Raisen ang kamay niya at hinila siya paalis sa lugar na iyon.

3

“Tapos na siguro ang kaartehan mo?”

She threw Raisen a razor sharp look. She exhaled dramatically. Sa kagustuhan niyang matakasan ang pag-uusap nila tungkol sa atraso umano niya ay nagawa na niya ang lahat ng puwedeng palusot. Nakapag-shower na siya, nakapaglagay na ng tatlong ice pack sa paa niya, nakakain at nakatulog na kagabi.

“Inumaga na tayo sa kaartehan mo. Tinatakasan mo pa rin bang pag-usapan ang tungkol sa ginawa mo kagabi?” patuloy nito.

Napangiwi siya sa sinabi nito. Napahawak siya sa kanyang bangs at inayos iyon. “Hindi sa gan’on. Pero wala akong kasalanan, kaya wala akong alam sa atrasong sinasabi mo.”

“Walang atraso?” Nakaarko ang kilay nito.

“Alam kong mali na nakinig ako sa usapan ninyo. Pero hindi ko talaga iyon sinasadya. Ikaw nga, sinira mo iyong camera ko, eh. Kaya quits lang tayo.”

“So, inaamin mong espiya ka nga?”

“Hindi nga ako spy! Nagsisisi na akong nakinig

pa ako sa usapan ninyo. Sinabi ko nang walang ibang makakaalam, di ba?”

“Nasa huli ang pagsisisi.”

“Teka nga, dapat magpasalamat ka pa sa ’kin. Tinulungan kitang makuha iyong camera n’ung si Lyndon kagabi, ah.”

“Tumulong ka dahil madadamay ka sa eskandalo. Ang sabi mo pa, kung hindi ka niya isasabit sa gulo, tutulungan mo pa siya,” paalala nito.

Hindi siya nakasagot sa sinabi nito. Aminado siyang sinabi nga niya iyon. Napangiwi siya. “Eh, kahit na, tumulong pa rin ako. Kaya bayad na ako.”

“Kung pababayaran mo sa akin iyong tulong na sinasabi mo, dapat ko ring pabayaran ang mga pagtulong ko. Ginamot ko ’yang mga paltos mo sa paa, pinakain at pinatulog kita dito sa ba—”

“Bakit ka ba ganyan? Wala ka namang ebidensyang spy nga ako! Sige, papayag akong magpaalipin sa ’yo. Pero tatlong utos lang ang meron ka—”

“Tatlong—”

“Kulang pa? Sige, gawin mong sampung utos. Pero sampung utos lang, ha? Iyon ay kung may lalabas na eskandalo tungkol sa ’yo ngayong araw na

ito mismo. Patutunayan ko sa 'yong hindi ako spy. At lalong wala akong balak na sirain ang career mo," saad niya.

Hindi na ito natuloy sa pagsagot sa paghahamon niya dahil tumunog ang cellphone nito. Bagot na kinuha nito ang maliit na aparato at tiningnan kung sino ang tumatawag.

He looked at her. Nakakunot ang noo nito.

"It's my manager." Sinagot nito ang tawag. "Yes, Tito Giles? Care to repeat that?" Tumalim ang tingin nito sa kanya. "No. Imposible iyon. Nasa akin ang camera ni Lyndon. Tito Giles, bahala ka muna. I swear, hindi totoo ang isinulat niya. I know, kalalabas lang ng sixth album namin at may concert pa kami. Yes, Tito Giles. I'm sorry about this."

Muli itong napamura pagkatapos ng tawag. Tinungo nito ang sariling silid. Sumunod siya rito.

"M-may nangyari ba?" Hindi ito sumagot. Kinuha nito ang laptop na nasa side table nito at binuksan iyon. Nanlaki ang mga mata niya nang makita kung ano ang naroon. "T-teka, di ba tayo iyan?" hindi makapaniwalang bulalas niya.

"Ngayon mo sabihing hindi ka nila kasabwat," anito sa nag-aakusang tono.

She could sense the anger seeping from him.

She froze. “M-may lumabas na eskandalo? T-tungkol sa ’yo? P-paanong nangyari iyon? Hindi tayo iyan.”

“Sino sa tingin mo ang babaeng nasa ilalim ko sa damuhang iyan?” sarkastikong tanong nito.

Nag-init ang mukha niya. Nasa Internet na agad ang mga litrato nila. Dapat yata, pati cellphone ng Lyndon na iyon ay sinamsam niya. Nakuhanan ang pagtakbo nila mula sa hotel. Duda niya ay ibang reporters na ang may kuha niyon. Pati ang pagsakay nila sa taxi ay naroon din. Puro malisyosong anggulo ang nagkalat sa social media.

‘Comet Gonzales, Raisen Philipps’ ultimate date was paralytically drunk. Who knows where these two went and what they did after hailing that cab?’

Isang iritadong tingin ang ipinukol ni Raisen sa kanya. Gusto niya itong pagtaasan ng kilay. Kasalanan niya ba kung malisyoso ang mundong ginagalawan nito? Hawak ba niya sa leeg ang mga reporters na humabol sa kanila?

Ang problema, hinamon niya ito. May sampung utos pa siyang nalalaman. Ano na ngayon ang gagawin niya?

“P-promise, wala akong kinalaman diyan.”

“Let’s say that I believe you. Pero kung talagang gusto mong makabawi sa gulong ito, tutulungan mo akong makalusot sa problemang ito,” sabi nito.

Nakahinga siya nang maluwag. Ano ba ang mawawala sa kanya? “Iyon lang pala, eh.”

“You’re really willing to help?”

“Talaga! Patutunayan ko sa ’yo na hindi ako spy.”

“So desidido kang tuparin ang ipinangako mo,” nananantyang dugtong nito.

“Tutulungan nga sabi kita.” Napalis ang ngiti niya nang mapansing kumibot ang mga labi nito at unti-unting naghugis-ngisi iyon. “What?”

“Then simula sa oras na ito ay alipin na kita.”

“A-alipin?” sigaw niya. “H-hindi puwede! Mabuti pa, uuwi na ako.” Tumalikod na siya para lumabas sa silid nito.

“Alam mo bang may CCTV ang halos lahat ng sulok ng bahay ko? Kuhang-kuha roon ang paghihilik mo kagabi, ang pagkain mo ng midnight snack nang walang paalam at ang paghahamon mo kanina kaya wala kang kawala. May konkreto akong ebidensya

na pumayag kang paalipin sa 'kin," he stated.

Kumuha ito ng isang malinis na coupon bond. Sunod nitong kinuha ang isang black pen at nagsimulang magsulat. Kunot-noong lumapit siya rito at binistahan ang isinusulat nito. Her eyes widened in horror.

“Enslavement Contract?” she exclaimed. “H-hindi ako papayag! Anong kalokohan iyan?”

“I will sue you and I promise you, hindi ako titigil hangga’t di napapatunayan ng partido ko na espiya ka nga,” pananakot nito. “Pero hindi na kita guguluhin kung pipirma ka rito at pagbabayaran ang atraso mo sa paraang gusto ko.”

“Hindi mo magagawa iyan, malalagay ka sa eskandalo.”

“Lady, kilala mo ba ang kausap mo? Sanay ako sa eskandalo. Ikaw ba?”

“H-hindi mo puwedeng gawin sa 'kin ito,” nailing na himutok niya.

“Alipin, bibigyan mo ako ng sampung utos, tama? Hindi pa ako nakakaisip ng ipapagawa sa 'yo, pero pirmahan mo na ito.”

Tahimik niyang binasa ang nakasulat sa puting

papel.

Ako, si Comet Gonzales, ay pumapayag na maging alipin ni Raisen Philipps. Buong puso kong susundin ang sampung utos na ipagagawa niya sa akin bilang pagtanggap sa hamon ko at patunay na hindi ako espiya.

Hindi makapaniwalang nilingon niya ito.

“Pirmahan mo sa ’baba. Leave this space blank. Diyan natin ilalagay ang sampung utos na ipapagawa ko sa ’yo.”

“Nababaliw ka na ba?”

“Sign. Here,” utos nito.

Mahigpit ang naging paghawak niya sa black pen na sapilitang iniabot nito sa kanya.

“Paano ako makakasigurong hindi ako madedehado sa kasunduang ito? Kulang, eh.” Nagsulat din siya sa papel sa halip na pumirma agad.

“Hey! Bakit ka nagsusulat diyan?” pigil nito.

Malakas niyang binasa ang isinulat niya sa papel.

“Ako, si Raisen Philipps, isang mayabang na rockstar, ay nangangakong sa oras na makumpleto ni Comet Gonzales ang sampung utos ko ay makakalaya na siya sa kontrata. Hinding-hindi ko na siya guguluhin habang buhay at magso-sorry ako dahil pinagbintangan ko siyang espiya.”

“M-mayabang? A-ako?” He looked infuriated.

“Mauna kang pumirma,” sabi niya.

“Fine!” Nag-aalab ang tinging ipinukol nito sa kanya bago pahablot na kinuha ang black pen at pumirma.

Hinablot niya rin ang panulat at siya naman ang pumirma. “Masaya ka na?” Napasandal siya sa dingding na malapit sa laptop table nito.

“Maybe. I am, after all, your master.”

Nagtagis ang mga bagang niya sa tinuran nito.

Ang yabang talaga!

Talaga bang na-in love siya rito? “Hanggang kailan naman itong kontratang ito?”

“Hanggang matapos mo iyong sampung utos ko.”

“Hindi puwede iyon! Paano kung tagalan mo ang pagbibigay ng utos sa 'kin? Di habang buhay na

akong magiging alipin mo? No way,” tanggi niya.

“At ano’ng gusto mong mangyari?”

“Dapat may expiration date ito. Let’s say, 100 days. Kapag tapos na iyon at hindi ka pa rin nakakapagbigay ng utos, forfeited na ’tong contract. Ibig sabihin, sa ayaw at sa gusto mo, makakalaya na ako.”

“And what made you think na papayag ako sa sinabi mo? Ako lang ang puwedeng mag-set kung kailan ma-e-expire ang contract na ito,” panonopla nito.

“Ang sama mo talaga!”

Ngumisi ito. “Unang utos ko...” Kinuha nito ang black pen at nagsulat habang nagsasalita. “Hindi puwedeng magsalita ng masama si Comet patungkol kay Raisen lalo’t magkaharap sila.”

“Hah! Asa ka diyan,” nanggigigil na sabi niya.

“Kapag may sinuway kang utos, hindi counted iyon. Papalitan ko iyon ng iba. Tingnan natin kung makasampu ka,” natatawang banta nito. Para lang talaga itong naglalaro. “Pangalawang utos, ipagluluto ni Comet ng hapunan si Raisen sa loob ng isang linggo.”

“Teká, teka! Hindi puwede iyan.”

“Bakit hindi?”

“May trabaho ako. Hindi ko puwedeng basta na lang iwan iyon. Kailangan ko ng pera para mabuhay, ’no. At para sa kaalaman mo, kahit sa gabi, nagtatrabaho ako.”

“Iniisahan mo ba ako?” Nangingkit ang mga mata nito.

“I would say na ikaw ang gumagawa n’un. You’re being unfair. Bakit sampung utos pa? Iyong genie nga ni *Aladdin*, three wishes lang, eh,” giit niya.

“Genie ka ba? Isa pa, ikaw ang naghamon ng sampu. I’m just being obedient here.”

She irritably rolled her eyes. Napabuntong-hininga siya nang mapadako ang tingin niya sa laptop nito. Nakita niya ulit ang mga pictures nila.

“Paano na tayo ngayon?” She sighed.

“You have to help me get out of this mess, iyan ang ikatlong utos ko. You have to do everything to help me.”

Napalunok siya. “Hindi mo ba puwedeng i-deny na ikaw iyan? Hindi malinaw sa litrato ang mga

mukha natin. Madilim kasi. Wala silang basehan na tayo nga ang nasa larawan.”

“What would be our alibi then?”

Napatitig siya sa mga mata nito. Kung hindi niya lang natuklasan na mayabang ito at ma-pride ay iisipin niyang napakalaki nga ng problema nito. Somehow, she wanted to help him kahit pa inis siya rito.

“Pretend that you caught a virus or something. Ipa-announce mo na pagkatapos ng date natin kagabi, kaagad kang itinakbo sa ospital. Fake it. Mas madaling magbayad ng medical staff kesa gumawa ng mas kumplikadong alibi.”

“I can’t do that,” mabilis pa sa alas kuwatrong anito.

“Bakit hindi? Para ka lang nasa drama n’un. Isipin mo na lang na gumagawa ka ng pelikula. Sanay kang umarte, di ba?”

“Hindi puwede dahil kapag nalaman ng mga sponsors na naospital ako, baka magback-out iyong iba. Alam mong may world tour kami, right? Kaya hindi ko magagawa iyon,” paliwanag nito.

“Well, iyon lang ang naiisip kong paraan para

hindi ka ma-issue.”

Tiningnan siya nito na para bang iyon ang unang beses na nakita siya nito. “You’re entertaining, you know that?”

“Shut up,” ingos niya. Nakapagtataakang gumaan ang atmospera sa pagitan nila. “Sige na nga, payag na ako.”

“Payag saan?” kunot ang noong untag nito.

“Ako na lang ang magpapa-confine sa ospital.”

“Really? Bigla ka yatang bumait?” nangingiting puna nito.

“Excuse me po, dati na akong mabait.”

“At dahil bigla kang bumait sa akin, cook for me.”

“Ha?”

“Ikalimang utos. Ipagluto mo ako ng almusal.”

Napaawang ang mga labi niya. “Nakakainis ka! Pag-uwi ko, itatambak ko lahat ng gamit kong may kinalaman sa ’yo doon sa bodega. Magsama sila ng mga daga!”